miha'y náuuwî na lamang sa pag-eempleado.

Hindi ito ang hilig na dapat sundin ng̃ kabataan ng̃ayon. Higit diya'y kinakailang̃ang harapín natin ang pag-aaral ng̃ mg̃a industria, ng̃ matalinong pagsasaka at ng̃ mapabulas naman sampu ng̃ pang̃ang̃alakal. Sikapin nating ang mg̃a bagay na tubò sa lupaing ito'y matutuhan nating bigyan ng̃ ibang anyô sa ìkasisiyá ng̃ mg̃a pang̃ang̃ailang̃an hindi lamang ng̃ mg̃a tagarito, kundi pati ng̃ mg̃a taga ibang lupain. Kalapain nating ang panahong ating ipag-aaral ay magbung̃a ng̃ mainam na pakinabang, hindi lamang sa ating sarili, kundi naman sa ating bayan. Sa pagmumungkahi namin nito'y hindi namin ibig sabihing bayaan na ang pag-aaral ng̃ mg̃a karunung̃ang gaya ng̃ Derecho, Medicina at iba pa; hindi, at makalilibong hindi. Kinikilala namin ang kahalagahan ng̃ ganganitong mg̃a karunung̃an, at dahil ng̃a sa kahalagahang iyan kung kaya di lahat ng̃ nahihilig doo'y nakaaani ng̃ matatamis na bung̃a, liban na ng̃a sa ilang sadyang may mg̃a tang̃ing katalasan ng̃ isip. Hang̃ad naming huag masayang ang maraming útak na dapat makalikha ng̃ marami't malalaking bagay kung sa lugal na iubos sa mg̃a karunung̃ang di nila káya ay pigain doon sa ibang pakikinabang̃an pa ng̃ labis at labis.

Lisanin din natin ang di wastong kaasaláng napanood sa mg̃a bata noong una, na kapag nang̃aturang *estudiante* ay nang̃ahihiya nang humawak ng̃ asaról na sa ganang kanila'y ikinaaaba ng̃ táo; kamaliang hinugasan ng̃ di masayod na pagsisisi sa gitna ng̃ kasaliwaang palad na kanilang kinásadlakán.

Tayo'y mag-iba ng̃ landás sa paghanap ng̃ karunung̃an, at isaloob na ang kinakailang̃an ng̃ ating baya'y mg̃a táong bukod sa may ganap na katalinuhan ay may mg̃a bisig na malalakás.

⁂ ⁂ ⁂

## Sa kabinataan

—o—

Lakad ay tulinan, kabinatang hirang,
at nang di abutin ng̃ dilim sa daan,
pagka't iyang áraw ng̃ayong tumatanglaw
búkas ay pawi na, ni di pasisilay
ang matinding sikat ng̃ kanyang liwayway.

Kung tayo'y ulanín ng̃ mg̃a sakuna
sa párang na itóng tulad ng̃ sa digma,
kalasagin agad ang pagtitiyaga,
sapagka't wala nang titibay pang kuta
na makakanlung̃an tayong mahihina.

Kung sa pagtuklás mo ng̃ ikáaanyo
ng̃ sariling baya'y dalawin kang hapo,
dagli kang tumigil at saka maupo
úpang pagsaulán katawang nagipo
ng̃ nawalang lakás at tumanang dugo.

Huwag kang tutulad sa mg̃a ulian
na agad babalik kapagkanang̃alay,
saka sasabihi't ipamamalitang
di niya aabutin ag̃ kinalalagyan
niyong katubusan ng̃ hiráp na bayan.

Paano'y madali siláng mang̃apagod,
paano'y madaling tuhod ay mang̃alog.
paano'y madaling dalawin ng̃ takot
ang kanilang pusong singdupok ng̃ bubog
na sa anino lang ay nang̃ing̃ilabot.

Kung ganitóng lahat ang uugalíin
ng̃ magsisikalág sa nakatataling
gapos na mahigpit sa Bayan kong giliw,
ay masásabi kong ang makakahambing
ay pang̃arap lamang ng̃ balang gagawin.

Dapat ng̃ang kumilos ng̃ kilos lubúsan
ang mg̃a binata sa irog kong Bayan,
yamang waláng gawa kung hindi patang̃áy
sa bilis ng̃ agos, ang mg̃a matandáng
inaantig mo na'y ayaw pang gumalaw.

Ang ugaling iyán, binata'y itakwíl
at ipagbaunan sa balón ng̃ lagím,
palibhasa iya'y likás sa alipin
at di katútubo nitóng Lahi natin
na may kinagisnang sariling damdamin.

JORGE MARIANO.

Malabon.—Rizal.